

# 1

“Pigilan n’yo ’ko. Susungalngalin ko na talaga ’yang baby dinosaur na ’yan.”

Pasimpleng tinadyakan ni Cassie ang kaibigang si Nicole mula sa ilalim ng conference table. Napalakas kasi ang boses nito at baka talagang masisante na ito kapag narinig ng kanilang head.

Kasalukuyan silang sinasabon, kasama ang buong Marketing Department dahil sa poor performance nila sa kasalukuyang buwan. Nagtatrabaho sila sa isa sa pinakamalalaking real estate companies sa Pilipinas, at dahil sa lagay ng ekonomiya ng bansa, aba’y ewan niya kung bakit nagtataka pa si Mr. Tandana na hindi malakas ang benta ng kanilang mga salesmen.

“You are the Marketing Officers, ladies and gents! And your job is to construct marketing campaigns, communicate your ideas through different forms of media, para mas mabilis na maibenta ng mga agents ninyo ang mga lintik na units na ’yan!” nanggagalaiti nitong sabi. “My God, ano’ng silbi ng ipinasusweldo sa inyo? Gamitin n’yo naman ’yang mga napag-aralan ninyo!”

Pagkalabas ng conference room, mukhang lahat sila ay gustong maglinis ng mga tainga. Hindi pa man oras ng lunch ay hindi na sila nagsibalik sa kani-kanilang mga pwesto.

“Kasalanan ba natin kung talagang mahina ang purchasing power ng mga tao sa panahon ngayon? Kakalbuhan ko ’yung gurang na ’yon, eh.” Inis pa rin si Nicole habang papasok sila sa canteen. Ito kasi ang lubos na napagalitan kanina.

“Hay naku, girl. Magpasalamat na lang tayo na tapos na ang stargazing. Badtrip lang kasi may souvenir pa akong meteor shower!” reklamo naman ni Chara na barkada rin nila.

Stargazing, dahil nakatunganga lang naman silang lahat habang nagsesermon ang kanilang boss. Meteor shower, dahil ‘lumalaway ang talsik’ ni Sir Tandana.

Humagalpak sila ni Nicole.

“Ang sama n’yo! Kadiri kaya, hmp! Makapaghilamos nga muna.” Lumiko si Chara papunta sa lavatory.

Dumiretso naman sila sa canteen. Agad nalanghap ni Cassie ang mga bagong lutong ulam. Tamang-tama, hindi siya nakapag-almusal nang maayos kanina.

Pinasadahan niya ng tingin ang mga nakahaing putahe habang si Nicole ay nagsimula nang makipagdaldalan sa ilang officemates nila sa tabi.

“Lechong kawali!” Parang batang sumugod siya sa naka-display na ulam at agad na dumukot ng pera sa kanyang wallet. Iniabot niya iyon sa tindera. “Take my money.”

“Hoy, akala ko ba on diet ka?”

Nilingon niya si Nicole na pumuna sa ginawa niya. Hindi niya ito pinansin at malugod na kinuha ang isang order ng pagkain. “Cheat day ko kaya ngayon.”

Tiningnan siya nito nang matalim. “Kitang-kita ko na ang resemblance ninyo ni *Pooh!*”

Pinanlakihan niya ito ng mga mata. “Ano’ng gusto mong sabihin, na hindi ako nagso-shorts?”

Nicole flipped her long hair. “Gan’on na nga.”

“Hindi kita friend.”

“Hindi kita pinipilit.”

She made a face. Dumating si Chara at sumabay na rin sa kanila sa pag-order, pagkatapos ay dumerecho silang tatlo sa usual spot nila sa canteen

at doon inilapag ang mga pagkain.

Hindi pa rin sila maka-get over sa panenermon ng kanilang boss kanina kaya iyon pa rin ang naging topic ng kanilang pag-uusap habang kumakain.

She was savoring her meal when her phone bleeped. Isang text galing sa kanyang lola sa probinsya ang natanggap ni Cassie; nag-uungot ito na dumalaw naman siya rito.

She stared at the screen blankly. Agad ay inatake siya ng pagka-guilty. Nami-miss na siya ng kanyang abuela. Missed niya na rin ito. Kailan nga ba noong huling makabisita ang mga iyon dito?

*About three years already, Cassie.*

Graduation pa pala niya iyon kung ganoon. Hindi na iyon naulit pa dahil nagkaroon na siya ng trabaho at naging sobrang busy na. Ang mga magulang niya naman ay ganoon din.

Naaalala niya naman ito araw-araw. Textmates pa nga sila. Pero ngayon lang ito nag-request na bumisita naman siya. Bigla ay parang gusto niyang umuwi sa kanilang probinsya. Na-miss niya agad ang amoy ng hangin doon.

One more thing was that she's been feeling a

little restless lately. Sinabi pa ni Chara na kamukha na niya si *Pooh*. *Oh, God*. Tumataba na yata talaga siya. Simula pa naman noong tumuntong siya ng Maynila ay isinumpa na niyang magpapa-sexy na siya. Naku! Napakahirap pa namang magpapayat pagkatapos, babalik rin pala siya sa pagiging balyena?

*No way. No freaking way, bilbil. Hindi ako papayag na muli kang manirahan sa aking tiyan.*

Ni-reply-an niya ang kanyang lola at inilapag ang cellphone sa mesa. Tumingin siya sa dalawang patay-gutom na kaharap niya. “I’ll file a leave tomorrow.”

Pinagpatuloy lang ng kanyang mga kaibigan ang paglantak sa kanin at ulam ng mga ito na parang hindi siya narinig.

“Hey... I said, magli-leave ako.” Wala pa ring reaksiyon ang dalawang bruha. “Hello? Masarap ba ’yang kanin?”

“Oo,” sagot ni Chara.

Pumikit si Cassie nang mariin at muling inalala ang pangako sa sarili na hindi na gagawing panghataw sa mga bwisit na tao ang purse niya. “Magli-leave nga ako!”

Uminom si Chara sa dala nitong tubig. “*Tologo?*”

“No offense meant, Cassie. Pero, di ba, monster ka?” sabi naman ni Nicole at pinagtaasan siya ng kilay.

“Ano?”

“Monster.” Itinaas nito ang mga daliri at nagbilang. “Halimaw, bakulaw, mangkukulam—”

Hindi na siya nakapagpigil at inihampas rito ang kanyang wallet. “Ano’ng s’abi mo? I just like working, ano’ng masama r’on?”

“You, liking work.” Sinimangutan niya si Nicole. Cute daw siya kapag sumisimangot, eh. Pero agad itong kumontra; parang nabasa ang kanyang isip. “Hindi ka cute, Cassie.”

Mas lalo siyang napasimangot. Bwisit na mga kaibigan. Bukas talaga, sa ibang officemates na siya sasama.

“But seriously,” singit naman ni Chara nang matapos itong kumain. “Simula yata nung natanggap ka dito, eh, hindi ka pa nag-leave kahit isang beses. Never. As in, wala akong matandaan.” Inilagay pa nito ang hintuturo sa sintido na parang nag-iisip.

Nagkibit-balikat siya. “Well, I’m filing a leave now.”

Totoo ang sinabi nito. Dito kasi siya sa *Dynasty*

*Estates* unang nag-apply pagka-graduate niya sa kolehiyo, at nang matanggap ay hindi na siya umalis. Nagustuhan niya rin ang trabaho kahit na madalas ay talagang toxic. Malaki kasi ang sweldo. Isa pa, nakakatamad nang mag-apply sa iba.

Kung bakit hindi siya nagli-leave ay ewan niya rin sa sarili niya. It never really occurred to her to take a break.

“Ay, ewan ko sa ’yo. Basta ako, kailangan kong makapunta sa concert ni Chris Martin, my hubby, kaya kailangan kong kumayod. Next year na kaya ’yon.” Si Chara.

“Kailangan ko ng boyfriend,” hirit ni Nicole saka uminom ng juice nito.

Hindi niya pinansin ang kagagahan ng dalawa. She just gave the last lechong kawali on her plate a depressed goodbye before devouring it.

“Ma-approve kaya ’yon kahit ang gulo ngayon sa Marketing?” tanong niya mayamaya.

“Hay naku, girl. Baka nga magpa-party pa si Baby Dinosaur dahil walang mabibigyan ng *Perfect Attendance Award* this year maliban sa kanya. Alam mo naman ’yon,” tukoy ni Chara sa kanilang head.

Tatlong taon na kasi niyang nasusungkit ang award na iyon. Workaholic nga siguro talaga si Cassie dahil kahit may sakit ay nagagawa niya pa ring pumasok at magtrabaho.

“Okay, fine. Pero kapag hindi siya pumayag?”

“Hagisan mo ng meteorite para ma-extinct.”

---

Huling araw na ni Cassie bago ang kanyang tatlong linggong leave. Bukas ay bibiyahe na siya pauwi ng probinsya. Next year na lamang daw dadalaw roon ang kanyang mga magulang, isasakto sa simula ng retirement ng mga ito sa trabaho.

Balak niyang dumaan muna ngayon sa mall at mamili ng mga pampasalubong. Malapit na ring mag-alas y cinco kaya unti-unti na silang nagligpit ng mga gamit. Ang iba ay nag-CR na para mag-retouch.

Lumapit sa table niya sina Nicole at Chara.

“Bruha, dala ka ng pasalubong, ha?” Binigyan siya ni Nicole ng beso.

“Dala ka ng chocolates. ‘Yong galing *Duty Free*,” hirit ni Chara.

“Sapakin kaya kita?”

“Joke!” Niyakap siya nito. “Mami-miss kita at ang iyong bilbil.”

Kinurot niya ito sa tagiliran. “Wala akong bilbil!”

“Wag mong ikaila ang mga anak mo.”

Kinurot ito ni Nicole sa tagiliran. “Stop it, Cha. Mao-obsess na naman ’yan sa kaka-diet.” Hinawakan nito ang dalawang kamay niya at seryosong tumitig sa kanya. “Mag-uwi ka ng boyfriend, ha?”

“No chance,” irap niya. Inayos ni Cassie ang bag sa kanyang balikat at ngumiti sa mga ito. “Fare thee well!”

Sabay-sabay na silang nag-out at nagyakapan pa ulit bago maghiwa-hiwalay ng landas. Sumakay siya ng jeep papunta sa mall.

## 2

Inaantok pa si Cassie habang nag-aabang ng masasakyang tricycle papunta sa bahay ng kanyang lola. Hindi kasi siya nakatulog nang maayos sa bus dahil hindi na siya sanay sa ganoon kalayong biyahe.

Nagdalawang-isip pa siyang bumaba kanina dahil malaki ang nagbago sa bukana ng kanilang barangay. Ang dating bahay-kubo na nagsisilbing waiting shed noon, na siyang palatandaan niya sana, ay naging concrete na ngayon. Nagkaroon din ng isang malaking grocery store sa tabi ng pilahan ng mga tricycle na ngayon ay bakante. Labas-masok mula roon ang mga mamimili dala ang malalaking supot ng groceries.

Hindi tuloy siya sigurado kung pati ba ang bahay nila ay nagbago na rin. Hindi siguro siya mahihirapang hanapin iyon dahil kilala naman doon ang kanyang lola. Isa kasi itong mananahi noong bata pa siya. Hindi niya pa naman nabanggit dito na ngayon ang dating niya. Balak niya kasi itong i-surprise.

Binitbit niya muli ang mga dalang pasalubong nang may makita siyang paparating na tricycle. Pinara niya iyon at agad naman itong lumapit sa

kanya. Bumaba ang driver niyon at tinulungan siyang isakay roon ang kanyang mga bitbitin.

“Cassandra, ikaw na ba ’yan?”

Iniangat niya ang tingin sa tsuper at nagulat nang makilala ito. “Owen?”

Si Owen nga! Iyong batang kalaro niya noong elementary. Kapitbahay niya ito noon.

“Ang payat mo na, Cassie! At lalo kang pumuti! Tootoo pala talagang nakakaputi ang tubig sa Maynila, ’no?”

Hinampas niya ito nang pabiro. “Heh! Matagal na akong mestiza.”

Bumalik ito sa motor at siya naman ay pumasok na sa loob ng tricycle. “Di nga, Cassie, ang ganda mo! May boyfriend ka na ba?”

“Tumahimik ka nga d’yan, Owen. Kina Lola tayo.” Umayos siya ng upo. “Bakit ka nga pala nagta-tricycle ngayon? Di ba, nag-aalaga kayo ng mga baboy?”

“Ah, oo. Meron pa rin naman. Bumili lang ako ng tricycle kasi kaunti lang ang pumapasada paloob, marami pa namang sumasakay papunta r’on.”

Halos hindi sila magkarinigan sa ingay ng tricycle

kaya nilakasan niya ang boses. “Huh? Bakit? Kaunti lang naman ang mga bahay r’on, ah?”

“Noon ’yon. Umuwi ka rin kasi ’pag may time,” anito saka tumawa. “Naalala mo ’yong pinapagliguan nating ilog noon? ’Yong Nahara? Sikat na iyon ngayon. Iyon ’yong pinupuntahan ng mga tao.”

“Talaga?”

Tumawa ulit si Owen. “Oo. Ikaw kasi, ang tagal mong di umuwi. Walang nagbago r’on, Cassie! Ligo tayo minsan!”

Napangiwi siya sa sinabi nito. Parang bata pa rin talaga itong si Owen kung makapagyaya. “Wala ka pa bang asawa?”

“Bakit, may gusto ka sa ’kin?”

“Asa ka pa, bro.”

Tumawa lang ito. “Wala akong asawa pero may anak na ako. Babae.”

“Ha? Talaga? Ilang taon na? Bakit?” Kahit siya ay nalilito sa mga pinagtatatanong niya rito. Side effect yata ng mahabang biyahe.

“Two years old na. Gan’on talaga, idol ko si *Angelito*, eh.” Tumawa ulit ito. Bungisngis na talaga

si Owen kahit noong mga bata pa sila. Youthful ito masyado, pati sa hitsura. “Halos lahat kaya ng mga ka-batch natin, nag-asawa na. Kaunti na lang ang mga single dito. Sina Tristan, Paolo. Sina Eunice at Harry rin, single pa.”

Napangiwi si Cassie pagkarinig sa huling sinabi nito. Wala naman siyang pakialam sa status ng mga batchmates nila. Hindi na lang siya nag-comment.

Iniliko ni Owen ang tricycle pagkarating sa daan papasok sa kanila. Para sa kanya, ito talaga ang pinakamagandang street sa kanilang lugar. Bukod kasi sa hindi gaanong dikit-dikit ang mga bahay ay doon pa nakatira ang barangay captain nila dati. Feeling niya kasi noon, kung saan nakatira ang kapitan, iyon na ang pinakamagandang lugar.

Tiningnan niya ang bahay nina Kap nang madaanan nila iyon. Nag-iba na ang kulay ng bahay. It was a combination of maroon, gold and white bricks. Nakita niyang nakabukas ang gate ng bahay habang inilalabas ang isang maliit na pickup truck.

“Teka lang, Cassie, ha. Paunahin na natin sila.” Itinigil ni Owen ang tricycle para makatawid ang sasakyan.

Nang makarating sa kabilang linya ay may

dumungaw na lalaki mula sa driver side ng truck. Agad nanigas si Cassie nang maaninag kung sino ang dumungaw.

“Oy, Harry. Ikaw pala ’yan!” bati ni Owen.

Inilapat niya nang maigi ang likod sa upuan para hindi siya makita ni Harry kung sakali. Nararamdaman pa naman niyang may balak si Owen na isiwalat na siya ang sakay nito dahil ikinakaway nito ang kanang kamay sa loob ng tricycle na parang niyayaya siyang magpakita at maki-join sa usapan ng mga ito.

*Bwisit ka, Owen. Babaliin ko ’yang kamay mo, kapag ibinuking mo ’ko!*

Pinalo niya ang kamay nitong kumakaway sa loob ng tricycle. Narinig niya ang boses ni Harry. Halos manibago siya dahil lumalim na ang pangit na boses nito noon.

“Sumabay lang ako. Dadaan ako sa *King’s*. Itong si Erwin na ang magda-drive mamaya.”

“Ah, gan’on ba? Nga pala, nandito si—”

Agad siyang nag-panic kaya hindi na siya nakapag-isip at mabilis at buong lakas na pinilipit niya ang kamay nito sa kanyang harapan. Sa sobrang pagpilipit ay napabaluktot ito na parang sinasapian.

*Sorry, Owen. Kasalanan mo rin 'to. I have no choice, sorry!*

“Pare! Ano’ng nangyayari sa ’yo? Sinasapian ka ba?” dinig niyang tanong ni Harry.

“Aray! Aray!” Walang maisagot si Owen kundi puro iyon lang. Hindi niya pa rin kasi pinapakawalan ang kamay nito.

Bago pa maisipan ng lalaki na bumaba sa *L300* at puntahan sila, hinila niya na nang mabilis si Owen. “Mag-drive ka na, bilis!” pabulong niyang sigaw rito.

“Aray!”

Pinalo niya ito sa braso. “Mag-drive ka na!” Umakma siyang pipilipitin ulit ang kamay nito nang marinig ang pagbagsak ng pinto ng sasakyan. “Shit naman, Owen!”

Bukas talaga hindi na siya mamimilipit ng mga kamay, promise. Ngayon lang talaga. Desperate times call for desperate measures.

“Oo na! Bitawan mo na ang kamay ko!” Hinawakan nito ang kanyang palad, trying to pull his hand off her tight grip.

“Owen, okay ka lang?” Papalapit ang boses ni Harry sa kanila kaya malamang ay nakababa na ito.

*Juice colored!*

“Mukha ba akong okay? Ito kasing si Cas—”

Hindi niya na pinatapos si Owen. Mabilis siyang bumaba ng tricycle dala ang kanyang backpack na ginawa niyang pantakip sa mukha, saka kumaripas ng takbo. Bahala na kung iisipin ng mga makakasalubong na baliw siya, basta hindi siya magpapakita kay Harry.

“Cassie!” dinig niyang tawag ni Owen.

Hindi pa siya nakalalayo. Imposible siyang makalayo ganoong tinatakpan niya ang mukha ng bag.

“Cassie?” She heard befuddlement in Harry’s voice. “Cassandra Angeles? Si Oink Oink ’yan?”

Ngali-ngaling balikan niya ang dalawa at ihampas kay Harry ang dala niyang bag. Kung hindi lang talaga siya mukhang nasabugan ng dinamita ngayon, naku, pasasabugin niya talaga ang mukha ng unggoy na iyon.

“Oo. Si Cassandra.” Muli siyang tinawag ni Owen.

Siguro wala talagang kwenta ang pagtakbo niya dahil naririnig pa rin niya ang mga ito. Ibig sabihin, hindi pa siya nakalalayo.

*Oh, this is stupid!*

“Weh. Ba’t ang sexy?” sagot ni Harry.

Bigla siyang napatid ng kung ano. Hindi niya makita kung saan siya babagsak at huli na rin naman dahil pa-dive na siya sa lupa. *Shit!* Napapikit siya nang mag-bounce ang ulo niya sa kanyang bag nang tuluyan siyang natumba.

Hindi niya na gustong imagine-in ang posisyon niya ngayon. Kung hindi siya mukhang tanga, panigurado, mukha siyang nagtu-twerk.

“Ay, si Cassie nga ’yan. Lampa, eh,” bawi ni Harry bago tumawa.

Napapikit siya. *Lord, kunin Mo na po si Harry, please lang!*

Pinaandar na ni Owen sa wakas ang tricycle nito. Siya naman ay tumayo na at isinukbit nang maayos ang bag sa likod na parang walang nangyari. She dusted off her jeans.

May iilang naglalalakad na bata sa gilid na nakatakip ang kamay sa mga bibig habang nakatingin sa kanya. Ang iba naman ay parang naninibago habang pinagmamasdan siya. Hindi pa rin siya lumilingon hanggang sa tumigil si Owen sa tabi niya.

“Cassie naman! Binalian mo na nga ako ng buto, tinakbuhan mo pa ako. Akala mo ba hindi ko alam ang bahay n’yo? Sisingilin pa rin kita sa pamasaha!”

Ewan niya kung nagjo-joke ba ito o talagang dense lang. Hinarap niya ang tricycle para sumakay ulit at kakalimutan na lang sana ang lahat, pero nakita niya naman ang nakangising mukha ni Harry sa loob.

“Hi, Oink Oink. Nice ass,” bati nito at tinapik ang katabing upuan. “Nandito ka na pala? Welcome sa aking ka-*Harry*-an!”

“Owen!” Hindi niya ito pinansin at lumipat sa likod ni Owen sa labas. “Bakit nandito ’yan?”

“Grabe ka, Cassie. Si Harry ’yan, oh! Hindi mo ba natatandaan?”

“Oo nga, Cassandra, nakalimutan mo na ako? Ako ang pinakaguwapong lalaki sa barangay na ’to,” anang hinayupak mula sa loob.

Hindi niya pa rin ito pinansin. Whatever. Hindi niya pa ito napapatawad. Pinaandar na ni Owen ang tricycle nang hindi siya sumagot. Mukhang pati ito ay nakalimutan na rin ang mga nangyari noong elementary sila.

Si Harry lang naman kasi ang dahilan kaya napakababa ng self-esteem niya noon. Ito ang parating nang-aasar sa kanya at nagsasabing napakataba niya. Ito rin ang palaging kumukurot sa pisngi niya noon, dahilan para habang-buhay siyang umasa sa contouring, magkaroon lang ng hollowed cheeks.

Buwisit ito sa buhay niya. Anak ito ni Kapitan pero parang anak ito ng diyablo dahil sa ugali nito noon. Actually, she was pretty sure he's still an asshole now, if not worse.

Nang nagkaroon ng branch sa Maynila ang kumpanyang pinagtatrabahuhan ng kanyang papa ay nakita niya iyon as opportunity. Sa wakas ay hindi na niya magiging schoolmate si Harry sa high school. Iisa lang kasi ang high school noon sa lugar nila kaya malaki ang chance na kung sino ang mga kaklase at schoolmates mo sa elementary, ay iyon din ang kasama mo pagdating sa mataas na paaralan.

Isinumpa niya sa puno sa tapat ng bahay nila noon na papayat din siya. Kakainin ni Harry ang lahat ng mga insulto nito sa kanya. She spent her time in Manila doing everything to lose weight. Mahirap dahil chubby talaga siya. Kapag bumabalik sila sa probinsya ay hindi talaga siya nagpapakita sa kanyang mga kaibigan. Kahit si Owen ay iniwasan

niya. Gusto niya kasing kapag nagpakita siya sa mga ito, lalo na kay Harry, ay talagang sexy na siya.

Naalala ni Cassie ang kinaing lechong kawali noong isang linggo. Naulit pa ang pagkain niya noon nang nakaraang gabi dahil sinabi niya sa sariling mami-miss niya ang lutong iyon sa canteen. Kaya panigurado, may munting bilbil na naman sa kanyang tiyan. In short, this wasn't a good time para magkaharap sila ng gorillang Harry na ito.

“Puwede bang ’wag ka na lang magsalita d’yan at naba-badtrip lang ako sa pagmumukha mo.” Inirapan niya ang nakangising mukha nito.

“So, you’re still the Cassandra I know. Only, now you’re hot.”

Hindi niya mapigilang mapangisi sa sinabi nito. *Yup, a\*shole. I’m freaking hot.*

“Oh, ano’ng nginingiti-ngiti mo d’yan? Kahit sexy ka na, Oink Oink ka pa rin.”

Hinampas niya ito ng hawak na bag. Kumapit pa siya sa damit ni Owen dahil muntik na siyang malaglag. Humalakhak naman si Harry.

“Wag mo nga akong tawagin nang gan’on!”

“Ano ba kayong dalawa? Ang tatanda na natin,

nag-aasaran pa rin kayo? Hoy, Cassie, 'wag mo akong sakalin!" sigaw ni Owen habang nagda-drive. Sa kwelyo kasi ng damit nito siya nakakapit.

"Sorry!"

"Ayaw pa kasing tumabi sa 'kin, magkakasya naman tayo dito. Payat ka na kasi." Nagulat siya nang hinawakan ni Harry ang braso niyang nakakapit sa damit sa nagda-drive at pilit iyong tinanggal dito. "Owen, itigil mo nga!" sigaw nito.

"Ano ba? Bitiwan mo nga ako!" Pilit niyang kinakalas ang kamay nito pero hindi ito bumitiw hangga't hindi itinitigil ni Owen ang tricycle. She couldn't help but react from the zap of electricity she felt when he touched her.

Panay ang reklamo ni Owen. "Alam n'yo, kung hindi ako mamamatay, sigurado sesemplang 'tong tricycle ko." Lumingon ito sa kanya. "Cassie naman, kababalik mo pa lang, balak mo na akong patayin. D'on ka na nga sa loob!"

"Ano? Ayoko nga! Paalisin mo muna 'yang kumag na 'yan."

Bumaba si Harry at umikot sa likod. Nagulat siya nang bigla nitong hablutin ang kanyang backpack at itapon iyon sa loob ng tricycle bago sumiksik sa tabi niya.

“What the hell?”

Agad niyang naamoy ang pabango nito. Dahil matangkad ang lalaki, nakasiksik ito at dikit na dikit ang katawan sa kanya. Magkalapat ang kanilang mga siko at nag-uuntugan ang mga iyon dahil pareho silang nakakapit sa handle.

Nilingon siya nito saka nginisihan, flashing that devilish smile na palaging nakareserba para sa kanya. His thick dark brown hair reminded her of old times. May ilang rebeldeng buhok sa noo nito ang nalaglag, only made him more appealing, if not for his annoying face. He flipped his hair saka pinasadahan iyon ng kaliwang kamay. And boy, was that cool.

“Ano, okay na kayo?” tanong ni Owen.

“Sige, larga na, p’re,” sagot ni Harry. Sinunod naman agad iyon ng kaibigan.

She couldn’t believe this. Palautos pa rin ang isang ito at sinusunod pa rin ito ng mga tao. Lintik na buhay. Feeling hari talaga.

“Bakit ka ba nandito?” inis niyang tanong. Parang kanina lang ay nakita niya ito, pagkatapos ay tinakbuhan, at ngayon ay magkatabi pa talaga sila sa pesteng tricycle na ito. Ang galing-galing naman talaga.

“Nakikisakay lang, bakit ba?”

Pumikit si Cassie at inalala ang pangakong hindi na siya mangangalmot ng mukha ng mga taong buwisit. Seriously, she had not arrived at their house yet. Nauna pang bumungad ang Harry na ito sa kanya kaysa sa kanyang lola. And to think, ayaw niya itong makita!

*What the freaking frick frack snick snack.*

Ayaw niya na itong patulan at baka kapag nakita siya ng lola niya mamaya ay simangot lang ang maisalubong niya rito. This was how it had always been. Kapag nakita niya si Harry, automatic talagang sira na ang araw niya.

“Ngayon lang kita nakita, Cass. Ngayon ka lang umuwi?” bulong ng lalaki sa kanyang tainga. His breath was cool on her ear.

*Oh, my God!*

Hindi ba nito maramdaman na inis siya rito? Nakalimutan na ba ng magaling na lalaki ang lahat ng pang-aasar na ginawa nito sa kanya noon? Kasi siya, hindi! Hindi iyon madaling kalimutan lalo na’t ito ang dahilan kaya muntik-muntikan na siyang mamatay noon para lamang pumayat.

Nag-take siya ng slimming pills noong high school at naospital. Hindi niya kasi sinabi sa mga magulang niyang umiinom siya noon. Gusto niyang mapadali ang pagpayat dahil sobrang nakakatamad ang pag-e-exercise.

Hayun at ilang linggo siya sa ospital at pinagalitan pa siya ng ina. She was aware just how stupid that was. Na-realize naman niya agad ang kanyang mali at mula noon ay ginamit na niya ang hagdanan para pumayat at hindi ang elevator. Hindi na siya nagmadali. Wala na rin naman kasing nang-aasar sa kanya sa Maynila.

And whenever she looked back, na-realize niyang wala talagang ibang nang-aasar sa kanya maliban kay Harry.

“Hoy, Cass. Buhay ka pa? O, natulala ka na sa kaguwapuhan ko?”

Hindi niya napansing napatunganga na pala siya. Sinusundan pa ng mga mata niya ang bawat paggalaw ng mga labi nito. Tumigil na rin ang tricycle.

*Wait lang. Cass?*

“What did you just call me?” litong tanong niya rito nang may mapansin. Wala naman kasing tumatawag sa kanya ng ganoon. ‘Cassie’ lang o di

kaya ay ‘Cassandra’.

“Bakit, ayaw mo? You like ‘Oink Oink’ better?”

Bumaba ito gayundin si Owen. Bumaba na rin siya at inangat ang paningin sa makalumang bahay ng kanyang lola. Ganoon pa rin ang harapan niyon at walang masyadong nagbago maliban sa nawala iyong puno kung saan siya nanumpa dati.

Kita niya ang kanyang Lola Lilia na nakadungaw sa balkonahe. Hindi gaya ng ibang matanda, hindi ito nagsusuot ng bestida at salamin. Mas trip nitong magsuot ng leggings at blouse.

“Cassandra?” anito at biglang umaliwalas ang mukha. Agad siyang natuwa.

“Lola! Surprise!” Iniangat niya ang dalawang kamay at nag-pose sa harap.

Nawala ito sa paningin niya dahil mukhang pababa ito para salubungin siya. Humalukip si Harry sa kanyang tabi, habang si Owen ay kinuha ang mga gamit niya sa loob ng tricycle.

Mayamaya pa ay naramdaman niyang lumapit si Harry at bumulong na naman. “Oink Oink.”

Hindi na siya nakapagpigil at dinagukan ito.

# 3

“Ano ba itong mga pasalubong mo, Cassandra?” Itinaas ng kanyang lola ang hawak nitong isang plastic ng ready-to-cook oatmeal. “Ito ’yong lasang lapis, di ba? Ayoko nito.”

Sa lahat yata ng mga taong pinasasalubungan ay ang lola niya na ang pinaka-choosy. Nilapitan niya ito dahil kanina pa rin naman siya nakatunganga sa bintana. “Good for the heart po ’yan, ’La.”

Hindi siya nito pinansin at hinalungkat ang iba niyang dala. Nang may nakita itong leggings ay agad itong ngumiti at itinaas iyon. “Ito! Ito ang gusto ko! Magaling ka talagang pumili, apo.”

Ngumisi si Cassie. “Siyempre naman.” Sunod-sunod na nitong nakita ang iba pa niyang pasalubong na gusto nito. Pang-joke lang naman kasi talaga niya iyong oatmeal. Siya talaga ang kakain niyon.

“La, sino na po ang kapitan natin dito?” kapagkuwan ay tanong niya. Baka kasi iyong elepanteng Harry na iyon na pala ang punong barangay kaya lalong yumabang. Hindi iyon imposible dahil kilala ang angkan ng mga ito sa kanilang probinsya.

“Si Kapitan Arvin. Kapatid iyon n’ong dati mong kaklase.”

“Sino po?”

“Yong mga Arellano.”

Nag-isip siya. *Arellano. Arellano. Are—*

“Ah, si Eunice po!”

“Oo, iyon nga,” wala sa sariling sagot nito dahil abala pa rin sa pagkuha ng mga damit.

“May asawa na ’yon, ’La?”

“Ha? Ah...” Hindi na nito natapos ang sasabihin dahil may pumaradang pickup truck sa harap ng bahay nila. “Nariyan na ’yong tubig. Pagbuksan mo nga, Cassandra. Ilalagay ko lang ang mga ito sa kwarto.” Tumayo ito at umakyat sa itaas ng bahay dala ang sangkaterbang pasalubong niya.

Napabuntong-hininga na lang siya at napangiti sa kawalan habang pinagmamasdan ang kanyang mahal na lola. Kung ituring siya nito ay parang hindi sila nagkahiwalay nang ilang taon. Just like the old times, inuutusan pa rin siya nito na parang walang nagbago. She liked that. She liked that a lot.

Dahil probinsya naman ito at palaging bukas ang

pinto ng mga kabahayan ay dumerecho lang siya sa labas para tingnan ang dumating. Nakaparada sa harap ang pickup truck nina Harry. Bahagya pa siyang nagulat nang lumabas ito mula sa passenger's seat at binigyan siya ng matamis na ngiti. Sinuklian niya iyon ng plastic na ngisi.

Umikot ito at kumuha ng isang galong tubig mula sa likod ng truck. Kita niya ang pag-flex ng muscles nito nang ilagay sa balikat ang galon saka naglakad papasok sa bakuran nila. It was obvious na hindi lang si Cassie ang nag-improve physically.

“Bakit ikaw ang nagde-deliver n’yan?” tanong niya habang nakasunod dito.

“Wag ka nang magkunwari, Cass. Alam kong hinihintay mo ang pagdating ko.”

Gusto niya na itong patirin kung hindi lang siya papagalitan ng kanyang lola. Ubod ng kapal ang mukha ng lalaking ito, whether he looked good or not. “Pagkamatay mo ang hinihintay ko, Harry, hindi pagdating.”

Tuluy-tuloy na pumasok ito sa kanilang bahay at dumerecho sa dispenser para ilagay roon ang galon. Pagkatapos ay inilahad nito ang palad sa harap niya.

Tinaasan niya ito ng kilay. “Wala akong balak

makipagsayaw sa 'yo, asa ka pa.”

Mukhang nalito ito sa sinabi niya dahil kumunot ang noo. After a moment, his eyes suddenly danced with mirth. “Ikaw ang asa. 'Yong bayad ang hinihingi ko, hindi ang kamay mo.”

Napatulala siya. *Ano raw?*

She wanted to evaporate when she realized what he meant. Napaawang ang bibig niya, hindi malaman ang sasabihin.

Naka-plaster pa rin sa mukha nito ang katuwaan dahil sa pagkapahiya niya. Ang sarap nitong bigwasan, promise.

“Puwede rin naman kitang isayaw kung talagang gusto mo, pero...”

Umirap siya at tinalikuran ito. *Kainis!*

“Pilitin mo muna ako,” anito saka humalakhak.

“Asa,” bulong niya

“Cass... Hoy, Oink Oink!” pangungulit nito dahil hindi niya pinapansin.

“Ano ba!” Pumihit siya para batukan ito pero bumalandra naman sa kanya ang nakalahad nitong palad. Nilapitan niya ito at tuluyang binatukan.

“Badtrip ka talaga! Umalis ka na nga!”

“Aray! Magbayad ka muna!”

“Wala akong utang sa ’yo!”

“Gusto mo lang akong isayaw, eh. Sabihin mo na lang kasi, madali naman akong—”

“Buwisit ka talaga, Harry!”

“Cassandra!”

Tumigil siya at nilingon ang lola niyang parang nanonood ng horror movie habang nakatingin sa kanya. Para bang bigla siyang nag-ibang-anyo at naging *Sadako* dahil sa ekspresyon ng matanda.

“La, o! Sinasaktan ako ng apo ninyo!”

Binalingan niya ang lalaki. “Eh, nang-aasar ka kasi!”

“Ang cute mo kasi. ’Yong pisngi mo, tumataba—aray ko!”

Isang malakas na batok ang pinakawalan niya. Wala siyang pakialam kung nakita man iyon ng kanyang abuela, ang importante ay nakaganti siya sa kumag na ito. Panay na naman kasi ito sa pangbabadtrip sa kanya. Nagsisimula na ulit.

“Cassandra, ikaw talaga! Bitiwan mo nga ’yang anak ng dating kapitan!”

Wala siyang pakialam kahit anak pa ito ni Asiong Salonga. “Siya po kaya ang nauna!”

“Hala, ikaw kaya itong nambatok. Sinisingil lang naman kita.” Tumingin pa ito sa lola niya habang hinihimas ang ulo.

*Paawa effect pa ’tong unggoy na ’to.*

“Tingnan mo talaga ’tong batang ito.” Lumapit ito sa kanila at nag-abot sa lalaki ng thirty pesos. “Pagpasensyahan mo na itong si Cassandra, Harry. Pinaglihi kasi ’yan ng nanay niya sa init ng ulo kaya ganyan.”

“Hindi po ba sa baboy?” tanong ng binata.

Pinalo niya ito sa braso pero nakailag ito agad. “Buwisit ka talaga! Gusto mo talaga ng away, ’no!”

Umiling lang ang matanda at tinalikuran na sila. Mukhang na-realize nito na kahit ito ay walang magagawa para magkaayos silang dalawa ng lalaki.

Tawa pa rin nang tawa si Harry na parang baliw.

“Abnormal ka! Umalis ka na nga!”

Mabuti naman at sumunod ito. Naglakad na ang

hinayupak palabas habang umaalog ang mga balikat. His back was broad, she noticed, but dismissed the thought almost immediately. Sumunod siya para ihatid ito palabas.

Pagkabalik sa sasakyan ay dinungaw siya nito. “Bye, Cass.” Kumindat pa si Harry

“Papogi ka talaga, ’no?” inis niyang asik.

“I woke up like this.”

---

“May grocery sa kanto, di ba, Owen?” tanong ni Cassie sa kapitbahay. Gusto niya kasing ipag-bake ang lola niya, kaya lang ay wala namang ingredients sa kusina kaya nagpasya siyang maghanap sa labas.

“Oo. ’Papahatid ka?” tanong nito. Nakatambay lang ito at ang anak sa tricycle habang nagkukulitan. Sobrang cute ng bata, manang-mana sa kaibigan niya.

“Oo sana. Isama na lang natin si Tasha kung gusto mo.” Ayaw naman niya kasing abalihin ito sa bonding nito sa anak. “Ako na ang hahawak sa kanya.”

Pumayag naman agad si Owen kaya habang nagda-drive ito ay sila naman ni Tasha ang nagkulitan sa loob. Tawa siya nang tawa dahil gusto nitong

kainin ang ilong niya. Pagdating sa kanto ay ibinalik niya sa ama nito ang paslit.

“Hihintayin ka na lang namin dito, ha?”

“Sige, thanks ulit.” Pumasok siya sa loob ng grocery store at kumuha ng cart bago dumerecho sa meat section. Imbis na pang-bake lang ang bibilhin ay isasabay niya na rin ang mga sa tingin niya ay kailangan nila sa bahay.

Pumpipili siya ng flavor ng ice cream na ibibigay kay Tasha nang may tumawag sa pangalan niya. Nilingon niya kung sino iyon at nakita si Paul na dati niyang classmate. May tulak-tulak din itong cart.

“Uy, Paul!”

“Cassie!” bati nito nang makalapit. “Kumusta? Ngayon lang kita nakita ulit...” Pinasadahan siya nito ng tingin. “Sexy natin, ah!”

“Grabe!” tawa niya. “Ngayon lang kasi ako nakauwi. Dinalaw ko si Lola.”

“Talaga? Hanggang kailan ka rito?”

Medyo puno na rin ang cart nito. He was smiling from ear to ear. Sobrang tangkad na nito kumpara noon. And he became better looking.

“Three weeks—”

“Uy, pare. Nandito ka pa pala?” Biglang sumulpot ang nakakainis na si Harry mula sa likuran ni Paul. Nang makita siya ay nginisihan na naman siya nito.

“May nakalimutan ako, eh.” Itinuro siya ni Paul. “Si Cassie, oh! Nagkita na ba kayo?” tanong nito sa lalaki.

Matalim na ang titig ng huli nang ibalik ang paningin sa kanya. *Ano naman kaya ang problema ng unggoy na 'to?*

She just looked away and busied herself with the ice cream. Kumuha siya ng isang lata at inilagay iyon sa cart niya. “Uhm, sige. Mauna na ako sa 'yo,” paalam niya sa dating kaklase.

“Gan'on ba? O, sige! Nahara tayo minsan, game?” pahabol ni Paul.

Imbis na rito siya tumingin ay lumagpas iyon sa katabi nitong nakabusangot ang mukha sa kanya. Harry's eyes were the color of the night. *Mystery, secrets, sex...*

Ipinilig niya ang ulo. What the f\*ck! Nagsisimula na rin siyang mabuwisit sa tadhana dahil wala pa siyang isang linggo rito ay puro si Harry na lang ang

nakikita niya. Seriously! Ganoon na ba kaliit ang barangay nila para magtagpo sila palagi nito?

“Sige, tingnan ko,” ngiti niya kay Paul saka umalis na. Pumila na siya sa counter. Mabuti at hindi ito katulad ng supermarkets sa Maynila na sobrang haba ng pila kaya mabilis lang panigurado. Hinanda na niya ang wallet nang siya na ang susunod na magbabayad.

“Joanna, ako na muna riyan. Take your break.”

Iniangat niya ang paningin at nakita si Harry na pumapalit sa pwesto ng kanina ay cashier. That girl ‘Joanna’ blushed profusely. Isang ngiti lang ng kumag ay umalis agad ito at iniwan ang lalaki roon.

“*Shemay*, ang guwapo naman ng kahero natin ngayon!” tili ng dalawang babae sa likuran niya.

“Swerte natin dahil dito niya naisipang mag-cashier. ‘Guwapo talaga ni Harry!’”

She rolled her eyes heavenward. Muntik pa siyang masubsob nang bumangga sa kanya ang dalawa. “Ano ba!” Nilington niya ang mga ito para pagalitan pero natameme nang makitang biglang humaba ang pila sa linya nila. Doon kasi nagsipuntahan ang mga magbabayad, lalo na iyong mga babae. Ang iba ay lumipat pa talaga ng linya para makisiksik sa kanila.

“Oh my G, loose thread na ang panty ko! Di ba, siya ang may-ari nitong grocery? Like, hindi ito pamana or something?” sabi ulit ng babae sa likuran niya.

“Oo nga! Kaya nga, *King’s* di ba? King as in hari. Hari as in Harry. Ipinundar niya ’to para sa buong barangay. Gosh, pogi na, mabait pa. Sana maanakan niya ’ko.”

“I could just imagine kung siya ang magiging barangay captain natin. Mag-vo-volunteer na talaga akong maging tanod!”

“Talande!” Pagkatapos ay nagtawanan ang mga ito.

Napaawang ang bibig niya at nilingon si Harry. Aba’t akalain mo nga naman talaga. Ito palang kulugo na ito ang may-ari ng store?

Natapos na ang nasa unahan niya at si Cassie na ang kasunod. Umabante siya at inisa-isa ang mga pinamili.

“Good afternoon, Miss.” Kinagat nito ang labi sa pagpipigil ng ngiti.

Hindi niya ito pinansin pero nginitian pa rin siya nito. She put the grocery items on the counter,

nonchalantly.

Nakatingin ito sa screen habang kinukwenta ang mga binili niya nang bigla itong nagsalita. “Bakit mo kausap si Paul kanina?”

Hindi niya napigilang tumingin rito. His pronounced jaw was clenched and his lips were pursed. His eyes were still fixated on the stupid screen so she couldn’t decipher his mood. “Pakialam mo?”

Ibinaba nito ang isang balot ng harina at itinigil ang ginagawa. He looked at her with those wicked eyes. “Wag kang sasama r’on,” banta nito.

“Ano?” kunot-noong tanong niya.

“I said—”

“Cassie, tapos ka na ba?”

Nilingon niya si Owen na kapapasok lang sa loob ng grocery store. Bitbit nito si Tasha na ngayon ay may hawak nang laruan at kumakaway sa kanya.

Nagsalita ulit si Harry. “Kasama mo si Owen? Na naman?” May bahid ng pagkainis ang boses nito. Kumaway rito ang kaibigan nila pero hindi nito iyon pinansin.

Sinagot muna niya ang tricycle driver bago ito

hinarap. “Wala kang pakialam, okay? Ano ba’ng problema mo?”

“Bakit magkasama na naman kayo?” patuloy nito na parang hindi siya nagsalita.

“Nagpasama ako, bakit?”

“Bakit hindi ka na lang naglakad? Malapit lang naman—”

“Ano’ng malapit lang? Tumahimik ka na nga lang d’yan.” Nilingon niya pa ang dalawang babae sa likuran na mukhang kanina pa nagbubulungan tungkol sa kanila ng kahero.

“Tss...” Inirapan siya ni Harry.

Her jaw dropped. She couldn’t believe it! First time siyang irapan ng lalaking ito!

Tinapos nito ang ginagawa pero maya’t maya namang tumitingin sa kanya nang masama. Hindi niya na lang ito pinansin at kinuha na ang mga napamili. Dumerecho siya sa direksyon nina Owen pero hinawakan siya ni Harry sa braso para pigilan.

“Hayaan mo nga ako! Nagpahatid lang naman ako kay Owen!” Handa na siyang i-salvage ito ngayon din dahil bigla na lang itong nanghihila na para bang close sila.

“Hindi ka na naman magbabayad?” Nakangisi ito ngayon kahit may bahid pa rin ng inis sa mukha. Slow motion pa nitong inilahad ang palad sa harap niya habang tahimik siyang pinagtatawanan.

Napapikit si Cassie. *Aaaaaargh!* Bakit ba lagi niyang nakakalimutang magbayad sa kulugong ito? Parati tuloy siyang napapahiya. *Nakakainis na, ha! Nakaka-two points na 'to sa 'kin!*

Para hindi tuluyang mapahiya ay regal pa rin niyang kinuha ang wallet at binayaran ang mga pinamili. Kainis lang kasi feeling niya, pinagtatawanan siya ng mga nasa likuran. Ito pang unggoy sa harap ay sinasadyang bagalan ang pagbibilang ng pera. Susuntukin niya na talaga ito.

“Resibo.” Inabot nito sa kanya ang receipt saka nagtawag ng isang empleyado.

“Sir?” sagot ng isang payat na babae nang makalapit. Namumula rin ito kagaya noong ‘Joanna’ kanina.

“Ikaw na muna rito.” Iyon lang at tinalikuran na nito ang babae.

Narinig niya ang sabay-sabay na “Ayy...” ng mga nakapila sa linya nila.

*Harry ng Kayabangan - Eleanor Elizalde*

---

Hinanda ni Cassie ang mga sasabihin dito dahil mukhang bubuntot na naman ito sa kanya pero hindi rin siya nito pinansin at dumerecho lang sa kanang bahagi ng grocery store. Wala siyang nagawa kundi sundan ito ng tingin.

“Ano’ng nangyari kay guwapo?” sabi ng isa sa mga customers.

“Baka masakit ang tiyan, nakabusangot, eh.”

*Yeah, right.*

# 4

Buong araw na nag-bonding si Cassie at ang kanyang lola sa pagligo sa Nahara. Tootoo ngang walang nagbago sa ilog na dati nilang pinupuntahan noong elementary. Kung meron man ay iyong entrance lang. Nilagyan kasi iyon ng kahoy na gate at pinalamutian ng fairy lights ang paligid.

Pag-uwi sa bahay ay *low batt* ang lola niya kaya agad na dumerecho sa kwarto para magpahinga. Siya naman ay tumambay na muna sa sala habang kumakain ng vegetable salad.

Katatapos niya lang makipag-*Skype* kina Chara at Nicole na parehong mukhang haggard. Gusto niyang matawa sa mga ito nang maalalang ganoon din ang hitsura niya last week bago siya umalis.

Tumayo siya pagkaubos ng isang bowl ng salad at nag-inat ng katawan. Tumingin siya sa labas kung saan medyo madilim. This felt like a good time to run and burn some calories she accumulated since last week.

Pumanhik siya sa sariling kuwarto at nagpalit ng jogging pants at hoodie dahil medyo malamig

na. Hindi niya na inabala ang kanyang lola dahil paniguradong naghihilik na ito sa oras na iyon. Inilagay niya sa bulsa ng jacket ang susi ng bahay bago umalis.

Mga beinte minutos muna siyang nag-warm up bago nagsimulang tumakbo. She decided running to Nahara and back dahil malapad at maayos naman ang terrain doon. Besides, there won't be a lot of people by now. Ayaw niya naman kasing makapukaw ng atensyon dahil hindi sanay ang mga tao roon na may tumatakbo sa gabi hindi gaya sa Maynila.

She felt the cold wind blowing against her face as she ran towards the river. Ang sarap ng hangin sa kanyang balat lalo pa't hindi iyon polluted. Hindi gaanong madilim dahil bilog na bilog ang buwan, plus, nakabukas ang mga ilaw ng poste sa paligid ng Nahara. Iyon nga lang, wala talagang tao. Hindi naman siya natatakot dahil matitino ang mga tao sa lugar nila. She also knew how to defend herself, if ever. She enrolled herself to several self-defense classes to improve her game. Kasabay iyon ng pagpapapayat niya.

“Cass.”

Napasigaw siya nang wala sa oras pagkarinig sa pangalan niya. Lumingon agad siya sa likuran at

nakita si Harry, his wet hair flopping sexily on his forehead. Gaya niya ay nakasuot din ito ng running attire. And here she thought she was the only person in this place.

“What the f\*ck, Harry! Bakit ka ba nanggugulat d’yan?” inis niyang tanong dito.

Nakapamulsa ito sa harap niya. “I didn’t do that on purpose. Ikaw itong grabe mag-react.”

“Malamang! Akala ko kung sinong maligno ka na!”

“Ang guwapo ko kaya para maging maligno.”

*Oh, please.*

Wala na siyang energy para makipagtalo pa rito. “Okay. Eh, di ikaw na ang pinagpala sa lalaking lahat. Mauna na ako sa ’yo, Your Highness King Harold Yñigo Ledesma slash Pinagpala sa Lalaking Lahat.” Tumulikod na siya para bumalik.

“I’m glad you memorized my name, Cass.” He sounded delighted.

Hinarap niya ulit ito. “Tinatandaan ko talaga ang pangalan ng mga nanlalait sa ’kin para maipakulam.”

His face was divine under the moonlight. Kitang-

kita niya ang distinct features nito. Those chiseled cheekbones, eyes that glint everytime he looked at her. The permanent smirk. No doubt everyone just bowed before him. He exudes so much confidence and authority without even talking. Kahit siya noon ay medyo takot dito. Natabunan lang iyon ng pagkainis dahil sa pang-aasar nito sa kanya. Everytime she looked at him, agad talagang nag-iinit ang dugo niya.

“I’m not insulting you, Cass. I’m just teasing you.”

“Gee, thanks!” Ibinaba niya ang hood ng suot niyang jacket. “Natutuwa talaga ako sa mga biro mo!”

Bullsh\*t. Biro lang? Really? Sa tingin ba nito, masaya siya nang *biniro* siya nito noon tungkol sa katawan niya? Nakakatuwa ba iyong mga panahong feeling niya, siya na ang pinakapangit na bata sa school?

He looked at her, bemused. Gusto niya itong bugahan ng fire extinguisher. Kung maka-react ito ay parang hindi maalala ang sariling mga kabulastugan dati. Oo, matagal na nga siguro iyon pero wala naman siguro itong amnesia?

“Kung tungkol ito sa pagtawag ko sa ’yo ng ‘Oink Oink,’ I’m sorry. Alam kong sobrang childish n’on and I apologize for that, Cass. Hindi na kita tatawagin ng

gan'on, 'wag kang mag-alala." Derecho ang tingin nito sa kanya habang sinasabi iyon. His eyes were sincere.

"O-okay, then," lutang na sagot niya. "Buti naman." Humalukipkip siya at hinintay itong mag-sorry rin sa pang-aasar nito sa kanya noong elementary, pero blangko lang ang ekspresyon nito at mukhang wala namang balak na dugtungan pa ang sinabi.

Well *duh*, what did she expect? *This is Harry we're talking about.*

"Bakit dito ka tumatakbo?" tanong nito kapagkuwan.

Nagkibit-balikat si Cassie. She was still apprehensive. Oo nga't nag-sorry ito pero hindi naman basta magiging buddies na lang sila agad. "Walang tao, eh."

"Good reason for you to not run here. Paano kung mapahamak ka rito?"

"Bakit naman ako mapapahamak? People here are harmless."

"You're still a woman. At hindi harmless ang mga tao rito, Cass. Hindi kami tupa."

Hayan na naman ito sa pangiangialam sa kanya.

Couldn't he just mind his own business?

“Whatever. Nandito ka rin naman, ah.”

“Yes. But I'm a guy.”

Pinamaywangan niya ito at tinaasan ng kilay. “This isn't eighteenth century, Harry. Don't give me that crap.”

Lumapit ito sa kanya at bigla na lang ibinalik ang hood sa kanyang ulo. “Wala akong pakialam kahit panahon pa 'to ni *Doraemon*. 'Wag kang lumabas kapag gabi na.” Sa pag-aayos nito sa jacket niya ay nahihila siya palapit sa katawan nito.

She couldn't help but stare at him. Nakakunot ang noo ng lalaki at parang naiinis na ewan.

“What, you're my father now?” She laughed to cover up her uncomfortable feeling.

Tiningnan siya ni Harry nang matalim. “Let's go. Iuuwi na kita.”

Hindi niya alam kung paano niya nagawang sumunod dito nang hindi sila nag-aaway. Maybe because he was gripping her arm firmly while they were walking back? Or maybe it was the moon. Inilahad ng binata ang palad sa kanya pagkarating nila sa bahay nila. Gusto niyang tumawa nang

nakakaloko.

“Ano, sisingilin mo ako para sa paghatid mo sa ’kin? My God.” Nagulat siya nang bigla nitong pitikin ang tungki ng kanyang ilong. Napahawak siya roon. “Aray! Hoy kumag ka, hindi porke nag-sorry ka at hinatid ako, eh, close na tayo. Excuse me!”

“Alam mo, Cass, sa lahat ng babaeng kakilala ko, ikaw ang pinaka-assuming. Susi n’yo ang hinihingi ko.”

Hawak niya pa rin ang nasaktang ilong. “Nga?”

“Nge ngi ngo ngu,” tugon lang ni Harry saka siya hinila palapit at kinuha sa bulsa ng jacket niya ang susi.

Nagulat siya sa ginawa nito pero masyadong mabilis ang mga pangyayari. Pagkatapos nitong buksan ang kanilang pinto ay marahan siya nitong itinulak papasok.

“Lock the door.”

“Ha?” lutang pa ring tanong ni Cassie.

“He hi ho hu.” Bumuntong-hininga ito at lumapit. Ito na mismo ang nag-lock ng pinto at nagsara niyon.

Pagkatapos ng ilang sandaling pagkatulala ay

*Harry ng Kayabangan - Eleanor Elizalde*

---

muli niyang binuksan ang pinto. Naglalakad na paalis ang lalaki. “Teka, Harry!”

Lumingon ito at nakasimangot na naman nang tumingin sa kanya. Ano ba talaga ang kasalanan niya at palagi na lang siya nitong sinisimangutan?

“What?” asik nito.

She looked everywhere except at him. “Uh... Thanks.” Hindi niya na ito hinintay pang sumagot at isinara na agad ang pinto.

*What was that?*